**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO AND ALJO BENDIJO**
**December 15, 2020 (11:00 A.M. – 11:53 A.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Mapagpalang araw Pilipinas at sa lahat ng ating kababayan sa loob at labas ng bansa. Narito na naman ang programa na maghahatid sa inyo ng mga makabuluhang balita sa mga hakbang ng pamahalaan para malutas ang COVID-19 pandemic na patuloy nating kinakaharap, ako ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio mula po sa PCOO.

**ALJO BENDIJO:** At gaya po ng ipinangako namin, hindi po kami hihinto para mabigyan kayo ng access to information saan man kayo naruroon, ako po si Aljo Bendijo.

**USEC. IGNACIO:** Basta sama-sama at laging handa, kaya natin ito. Ito po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

**ALJO BENDIJO:** Para makibalita sa patuloy na pagsusuri at pag-evaluate na ginagawa ng pamahalaan para sa posibleng bakuna kontra COVID-19, una nating makakapanayam si Dr. Eric Domingo, ang Director General ng Philippine Food and Drug Administration. Magandang araw po, Director General Eric.

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Magandang umaga, Aljo; magandang umaga, Usec. Rocky.

**ALJO BENDIJO:** Opo. Update po tayo, Dok. Ano ba sa tingin ninyo ang dahilan ng pag-withdraw ng application for clinical trials ang United Kingdom-based drug firm na AstraZeneca?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Well, ang sabi po nila sa amin at saka sa vaccine expert panel ay dahil po nakita nila na sapat na iyong datos na nakolekta nila from the ongoing clinical trial nila na sana i-extend nila sa Pilipinas. At mukhang, in fact po, nakita ko na rin mukhang na-publish na rin talaga iyong kanilang interim results at siguro po sa tingin nila ay enough na iyon ay para makumbinsi ang mga regulatory agency para po sila ay makarehistro ng kanilang emergency use authorization.

**ALJO BENDIJO:** May epekto ba ito sa pag-procure natin, Dok, ng vaccines mula sa AstraZeneca?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Doon sa procurement po, hindi ko po masasagot iyon.

Doon po sa pagkuha nila ng emergency use authorization, basta naman po maipakita nila sa kanilang datos na nasubok din naman nila siya sa mga kalahi natin ‘no, mga Asians and similar racial ethnicity as Filipinos, then maaari naman po nating tanggapin iyong kanilang data on safety and efficacy, at maaari po natin itong i-evaluate.

So kung sa pag-apply po ng EUA, maaari naman po silang mag-apply din kahit wala pong clinical trial dito sa atin.

**ALJO BENDIJO:** Sila ba ay sumalang sa evaluation ng FDA natin, Food and Drug Administration? Anong stage pa lang po ang natatapos nila para magamit ang bakuna nila dito po sa Pilipinas, Dok?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Well, sa ngayon po ay wala pa pong nag-a-apply sa atin 'no. Pero sa US FDA at saka UK po na FDA counterpart natin, nag-apply na po at na-approve na iyong Pfizer, pati sa Canada. Sila po ay nasa clinical trial stage 3, nasa kalagitnaan po ng Stage 3 trial, pero mayroon na silang enough data naman to show that the vaccine might be useful and that the benefits outweigh the risks kaya po sila ay nakakuha na rin po ng EUA.

At palagay po natin, sa susunod na mga linggo o buwan, baka ito pong mga ibang bakuna ay mag-apply na rin po ng EUA dito sa atin.

**ALJO BENDIJO:** Bukod po sa AstraZeneca, may ilang nagpahayag na rin po ba ng pag-urong ng kanilang application para dito sa clinical trials sa Pilipinas? Dr. Eric, ano po ang tingin ninyo ano ang dahilan nito?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Well, wala naman po ano, wala naman pong ibang umuurong sa atin na clinical trial. In fact, dalawa po iyong under evaluation ngayon sa FDA – iyon pong sa Sinovac at saka iyon pong isa sa Clover Pharmaceutical. So may mga sini-settle lamang po na mga detalye at saka doon po sa mga protocol nila kung may babaguhin. Kapag naman po natapos lahat ang kanilang proseso, matutuloy naman po iyong ibang clinical trials dito sa atin.

**ALJO BENDIJO:** Ngayong linggo lang din po ay sinimulan na sa Britanya ang pagbibigay ng COVID-19 vaccine na Pfizer. Eh US also approved iyong emergency use ng Pfizer. Ang ibig pong sabihin nito, mas nangunguna na sa listahan ang Pfizer na maaaring gamitin na bakuna dito sa Pilipinas, Dok?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Well, depende po kasi iyan. Siguro po, malamang nauna silang makakakuha ng EUA dito dahil kumpleto na po kasi sila ng dokumento dahil nai-submit na po nila sa dalawang ibang regulatory agency, and these are trusted and reliable regulatory agencies – iyong sa US FDA at saka sa UK. So malaki po ang chance na mag-a-apply sila agad dito sa atin at mukhang hindi naman po sila mahihirapan.

Pero iyon pong the matter of producing and supplying and allocating supply for the Philippines, iyon po ang hindi natin masabi 'no kung sino po ang unang makakapag-supply noong talaga pong bakuna na maaaring ipadala dito sa atin.

**ALJO BENDIJO:** Naging usap-usapan din ngayon dito, Director, ang paratang na panunuhol diumano ng kumpanyang Sinovac sa Chinese drug regulator upang maaprubahan ang kanilang mga bakuna noon, gaya sa SARS. At alam naman po natin na isa ang Sinovac sa maaaring bibilhin nating bakuna kontra COVID-19. Ano po ang posisyon ng FDA tungkol sa isyung ito?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Well, sa atin naman po ay talagang very objective naman ang ating gagawing pagsusuri diyan, dahil hindi lamang po sa datos at saka sa evidence na ipapakita nila 'no. Dito po sa Pilipinas ay huwag po nilang susubukang manuhol dahil magkakaproblema po sila at sila po ay lalong hindi maa-approve.

Sa FDA po, we are all going to be very objective about it. We will the treat the company as a company that's legitimately doing business. But of course, once they try something, eh sila na po ang mananagot at magkakaproblema po sila nang malaki.

**ALJO BENDIJO:** Okay. So puntahan lang natin, Director, mga tanong mula naman sa media with Usec. Rocky. Usec. Rocky?

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Aljo. Director, ang tanong po mula kay Greg Gregorio ng TV5: Pinag-aaralan daw po ng World Health Organization ang sinasabing bagong strain ng COVID-19 sa UK. May epekto ba ito sa gumugulong na COVID-19 vaccine developments?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Usec. Rocky, mukhang wala naman ano. Kasi talagang ang mga coronavirus talagang constantly ay nagmu-mutate iyan unti-unti. So the vaccine developers naman, they take this into consideration. So ang ginagawa po nila usually na vaccine, iyong dini-develop nila, iyong magiging effective siya 'no doon sa main part ng isang virus na hindi nagmu-mutate para po kahit matagal at ilang panahon ay magiging effective pa rin siya.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May tanong naman si Red Mendoza ng Manila Times: Is the withdrawal daw po of the AstraZeneca vaccine related to the news that they will partner with Gamaleya Research Institute of Russia to do clinical trials of both of their vaccines? Has the FDA received any information regarding this?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Hindi ko po masasagot iyan. Wala po kaming impormasyon diyan. Ang sinabi lamang nila sa amin is that, they already have enough data and that they do not need to continue with the clinical trial phase 3 here. So iyon po siguro, iyong kumpanya po siguro ang dapat tanungin at baka sila ay may maisagot sila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Second question niya: Has the FDA started its evaluation of Clover and Janssen's papers? When can we expect an approval for a clinical trial for them?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Iyong Clover po, ongoing na po iyong kanilang evaluation sa FDA. So ang usual process po is kung mayroon tayong mga tanong, sasagutin nila. At kapag naman po nasagot na nila satisfactorily ang lahat ay makakakuha na po sila ng approval to do the clinical trial. So it really depends kung kailan po nila makukumpleto ang lahat ng requirements nila.

Iyon pong Janssen, hindi pa po nagsa-submit officially sa FDA. Pero mukhang nakalusot na po sila sa vaccine expert panel ng DOST at naendorso na po sila. Hinihintay na lang namin iyong kanilang submission.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang third question po ni Red Mendoza ng Manila Times: According to the Executive Order issued by President Duterte, the FDA is mandated to convene its own vaccine panel for EUA. Who will be the members of this panel? Would this also consist of current VEP members from DOST?

**FDA DIRECTOR GENERAL ERIC DOMINGO:** Hindi po 'no. We have another vaccine expert panel. So halo-halo po sila – espesyalista sa infectious disease, sa immunology, sa vaccine development. Halo-halo po ano.

But of course, the names of our experts will be kept confidentially with the FDA. Ayaw po natin kasing magkaroon ng pressure sa kanila or magkaroon ng kung anu-anong lumalapit sa kanila 'no. They'd rather work quietly and just deal the objective information that will be given to them.

**USEC. IGNACIO:** Tanong naman mula kay Jam Punzalan ng ABS-CBN News Online: Na-submit na po sa inyo ang application ng Janssen at may update po ba tayo sa iba pang vaccines under evaluation?

**DR. DOMINGO:** Well, wala pa pong vaccines under evaluation, iyon lang pong mga clinical trial applications that are under evaluation. So, iyon nga po, wala pa naman pong complete approval dahil may mga hinihintay pa po kaming mga ilan na lamang po na mga requirements and documents from those applicants.

**BENDIJO:** Dr. Eric, mensahe na lang po sa ating mga kababayan.

**DR. DOMINGO:** Opo. Huwag po kayong mainip, alam po namin inip na inip na kayo sa COVID-19 vaccines. Basta naman po may makita tayo na reasonably would show us good benefit and low risk, iyan po ay bibigyan natin ng Emergency Use Authorization.

Kapag may nakikita po kayo na binibenta diyan or pini-peddle online o kung may doktor o kaibigan kayo na sinasabing babakunahan kayo ng COVID-19 vaccine, huwag po kayong maniniwala. Wala pong legal at rehistrado at saka pinapayagan na vaccine dito sa Pilipinas, wala rin po tayong importer ng vaccine. So, hindi po natin alam kung saan nanggaling iyan, huwag po ninyong ipatuturok iyan sa inyong mga katawan

**BENDIJO:** Maraming salamat sa inyong panahon, Dr. Eric Domingo, ang Director General ng Philippine Food and Drug Administration. Ingat po kayo, Doc.

**DR. DOMINGO:** Maraming salamat din po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, personal na binisita ni Senator Bong Go ang mga biktima ng mga nagdaang bagyo sa Arayat at Candaba, Pampanga; mga residente, tumanggap ng tulong mula sa pamahalaan.

Narito po ang ulat.

[VTR]

**BENDIJO:** Namahagi rin ng tulong ang ilang ahensiya ng pamahalaan at ang opisina ni Senador Bong Go sa mga nasalanta rin ng mga nagdaang bagyo sa mga probinsiya ng Aurora at Quezon at Oriental Mindoro.

Narito ang detalye.

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Pagpapalawig ng bisa ng Bayanihan 2 hanggang Marso ng susunod na taon; availability ng 2020 Budget hanggang December 2021, hiling ni Senator Go kay Pangulong Duterte.

Ang detalye sa report na ito.

[VTR]

(NEWS REPORTING)

**BENDIJO:** Dumako naman tayo sa Cordillera Region, may balitang hatid si Eddie Carta mula sa PTV Cordillera. Eddie...

(NEWS REPORTING)

**BENDIJO:** Maraming salamat Eddie Carta ng PTV Cordillera.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, good news hindi lamang sa ating mga kababayang OFW kung hindi pati na rin sa mga kabilang sa labor sector dito sa Pilipinas ang ihahatid sa atin ngayong umaga ni DOLE Secretary Silvestre Bello III. Magandang umaga po, Secretary at welcome po sa Public Briefing.

Secretary, doon po sa naganap na online hearing noong Biyernes, December 11, inaprubahan po ng Mababang Kapulungan ang House Bill No. 7909 or iyong 'Paid Pandemic Leave Law of 2020' na nais pong makatulong sa ating mga manggagawa na labis na naapektuhan ng pandemic. Sa inyo naman pong panig ay wala kayong naging pagtutol sa panukalang ito. So, anu-ano po iyong magiging benepisyo nito sa ating mga manggagawa, Secretary?

**SEC. BELLO:** Naku Rocky, malaking-malaki ang benepisyo na darating sa ating mga manggagawa. And when we talk about manggagawa, we are talking of the informal workers, iyong mga formal workers and of course iyong ating mga overseas workers.

Napakalaki ang budgetary allocation na ibinigay ng ating Kongreso at inaprubahan ng ating Pangulo, we are talking of about P16 billion allocation. Pupunta diyan ang P4 billion pupunta sa informal workers; sa formal workers, mayroon tayong almost P6 billion.

And then we have another P3 billion also for formal workers, pero specifically for workers in the tourism industry. Actually budget ito ng Department of Tourism, pero under Bayanihan II kami ang mag-i-implement diyan sa tulong sa mga workers in the tourism industry.

Kagaya ng sinabi ko malaki din ang allocation para sa ating mga OFW. So, we are expecting about P5 billion for our OFWs, iyong repatriation nila, plus iyong cash assistance of P3 billion. So, we are talking of P16 billion allocation as assistance to our workers.

Napakalaking halaga iyan, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, sakali pong maaprubahan bilang batas, sino po ang obligadong magbigay ng leave credits na ito; kaninong pondo po ito magmumula?

**SEC. BELLO:** Anong mga leave credits, Rocky? We are not talking of leave credits here. These are assistance to all our workers.

Iyong sa informal workers, we let them work for 10 to 15 days and pay them a minimum wage according to the region where they belong. Then as to the formal workers, lahat ng mga formal workers na nawalan ng trabaho o hindi makapagtrabaho dahil sa pandemya, we have a one-time cash assistance for all of them. Para sa mga OFWs naman, lahat ng mga OFWs na displaced because of COVID-19 or although do not displaced but cannot work, they will be given cash assistance of $200 if they are still abroad or 10,000 pesos equivalent kung nandito na po sila. Iyan po ang mga benepisyo na ipaparating namin sa ating mga workers starting October 18 up to December 19.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, hindi po ba umalma or nagkaroon pa rin ng dagdag na hiling iyong grupo ng employers dito sa panibagong benepisyo na ito sa ating mga manggagawa?

**SEC. BELLO:** Iyong mga employers wala naman silang ano, they are not affected. In fact, they are happy about this, dahil alam naman nila na marami sa mga empleyado nila na naapektuhan. So, malaking bagay na bigyan ng cash assistance iyong mga employees nila na hindi nakapagtrabaho o kaya nawalan ng trabaho.

**USEC. IGNACIO:** Samantala sa ilalim po ng Labor Advisory Number 32, Series of 2020 na inyo pong nilagdaan ay mas mataas ang sahod na matatanggap ng mga manggagawang nasa pribadong sector na magtatrabaho po doon sa mga idineklarang holiday ngayong buwan ng Disyembre. Can you tell us more about this, Secretary?

**SEC. BELLO:** Actually, ganito iyan, Rocky ano. Kapag public holiday at hindi ka pumasok, may suweldo ka for that day; kapag pumasok ka, doble ang suweldo mo. Kapag pumasok ka at nag-overtime ka, mayroon kang 30% increase to your pay. So kung halimbawa, ang daily rate wage mo is 100, kapag nagtrabaho ka dapat 2oo ang suweldo at kung nag-overtime ka, another 30% that’s 230. Ganoon iyong benepisyo na made-derive doon sa aking labor advisory.

**USEC. IGNACIO:** So ibig sabihin nito Secretary, iyong mga empleyadong hindi po magtatrabaho - tama po ba - sa mga naturang holiday ay automatically no work, no pay o nakadepende po ito sa kanilang kumpanya?

**SEC. BELLO:** Hindi, Rocky. Kapag holiday at hindi ka pumasok dahil holiday, mayroon ka pa ring entitlement to your pay; pero kung pumasok ka magiging doble ang suweldo mo, dahil mayroon kang ano, kumbaga sa ano, benefits for reporting to work, 100% iyan.

So, kung ang suweldo mo ay 100 a day, public holiday kahit ka pumasok may suweldo ka na 100; pero kung pumasok ka magiging doble iyong suweldo mo, that will be 200; ngayon pinag-overtime ka pa, may 30% increase pa, so 230 ang ibibigay sa iyo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, sa recent PSA and DOLE survey, marami pa ring kababayan natin iyong hindi 'di umano sumusunod sa itinakda ng Kasambahay Law kagaya na lang po ng employment contract, pag-hire ng menor de edad at pagbibigay nang karampatang benepisyo sa kanila. Ano po ang aksiyong ginagawa ng kagawaran tungkol dito?

**DOLE SEC. BELLO:** Rocky, kapag may nakarating sa aming report na ganiyan ay bibigyan namin ng compliance order iyong employer. Kung halimbawa hindi binibigay iyong tamang sahod, we will direct the employer to pay iyong tamang sahod. Kung hindi, then we will issue a direct order for them to pay and they did not pay then that order becomes final and puwede naming i-garnish iyong pera nila sa bangko o kaya we can attach or foreclose any of their personal property na ibenta namin at pambayad namin doon sa kulang sa suweldo ng kanilang kasambahay.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Medyo mabigat iyon Secretary. Nito lamang po ay nagtungo kayo sa Baguio City, upang mamahagi naman ng cash assistance sa ilalim po ng TUPAD program. Sa kabuuan po, ilang mga kababayan natin iyong nawalan ng trabaho dahil sa pandemic ang natulungan po ng programang ito?

**DOLE SEC. BELLO:** Doon sa Baguio lang, Rocky, we gave 10 million for the informal workers at dinagdagan pa namin ng 10 million para doon sa mga senior citizen na naapektuhan dahil sa walang trabaho. So all in all nabigyan namin po sila ng 20 million, hindi pa kasama iyong mga empleyado na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19, mayroon pa ring entitlement. Lahat noong mga empleyado na iyon, they will be given P5,000 one-time cash assistance. 'Ayan, iyang si Congressman Mark Go at saka iyong Vice Mayor ng Baguio, binibigay nila iyong cash assistance of P6,500 for a work of 10 days.

**USEC. IGNACIO:** [Off mic] …program ng DOLE, ito po iyong P5,000 na tulong sa mga manggagawa ngayong may COVID-19. Wala po bang balak ituloy ito ng kagawaran kasi kahit sinasabing may bakuna pa eh mukhang matatagalan pa or medyo sa kalahati pa ng susunod na taon makakarating sa atin ang bakuna, Secretary?

**DOLE SEC. BELLO:** Rocky, doon sa proposed 2021 budget, mayroon pong allocation of 10 billion cash assistance para sa mga formal workers who have been displaced or will be displaced because of COVID-19 or because of other calamities.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, mahigit isang linggo na po iyong lumipas mula nang pauna ninyong inalok iyong 21,000 jobs na maaaring aplayan ng ating mga kababayan locally at maging sa labas ng bansa sa pamamagitan po ito ng online job fairs. Ito po ay naging bahagi rin ng ika-87 anniversary ng DOLE. Ongoing pa rin po ba ito at kumusta po iyong turnout sa mga interesado pang humabol? Anu-ano po ang kailangang requirements, Secretary?

**DOLE SEC. BELLO:** Naku, napakagandang resulta Rocky, we were able to hire on the spot about 1,900 at iyong mga iba pa na nag-apply, under process na iyong kanilang application at tuluy-tuloy iyan dahil we made available 21,000 jobs, both local and overseas. Ang overseas dito maganda ang prospect because ang daming humihingi ng ating mga workers dito, especially iyong mga caregivers, mga nurses and other healthcare workers; that there is a very big demand for our caregivers and our healthcare workers including iyong ating mga skilled drivers na tatlong bansa ang humiling niyan – ang Czech Republic, Romania at saka Poland. Mabuti nabanggit natin Rocky 'no, nagkamali ako, minsan sinabi ko Czechoslovakia, wala na pala iyon, it is now called Czech Republic pala.

**USEC. IGNACIO:** So ulitin natin, Secretary, iyong mga bansa para hindi po tayo malito ano po? Ano po ulit iyong mga bansa?

**DOLE SEC. BELLO:** Iyong bansang nangangailangan ng healthcare [workers] ngayon at saka caregivers, well, hindi lang iyon tatlo 'no – iyong Czech Republic, Romania, Poland, Germany. Grabe ang pag-demand ng Germany, sumulat na sa akin mismo ang Ambassador nila at humihingi nang libu-libong nurses and medical workers, ganoon din ang United Kingdom. Ang problema lang sa United Kingdom nagtatlong lockdown na yata. Third round of lockdown nila ito kaya medyo naghinay-hinay tayo nang pag-deploy doon because we want to be sure na kapag dineploy natin sila eh safe sila from contamination. We also have request from Israel for caregivers; Japan also for caregivers. So iyong ating mga overseas workers, they are a very good prospect for them.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, kunin ko na lamang po iyong mensahe na nais ninyong ipahatid sa ating mga kababayang manggagawa?

**DOLE SEC. BELLO:** Okay. Thank you so much, Rocky, for this opportunity 'no. I would like to inform our informal workers and our formal workers that we are still in the process of paying out what is due them under iyong program naming TUPAD at saka CAMP. Ngayon sa AKAP program – ito iyong mga cash assistance para sa ating mga OFWs – I would like to make it very clear, Rocky, na iyong mga OFWs na napauwi na, hindi na kailangan mag-apply for iyong cash assistance of P10,000. Kasi sabi ko alam naman ng DOLE, alam naman ng OWWA kung sino iyong napauwi natin at alam na natin na displaced sila. So, without application dapat ibigay na iyong P10,000 sa kanila. Ito ay Pamaskong handog ng ating Pangulong Duterte sa lahat ng mga workers. Iyon lamang po, Rocky. Thank you very much. Merry Christmas pala.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa palagian ninyong pagpapaunlak sa aming imbitasyon, Secretary Silvestre Bello III ng Department of Labor and Employment. Merry Christmas din po, Secretary.

**DOLE SEC. BELLO:** Merry Christmas. Merry Christmas, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Magbabalik po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[AD]

**USEC. IGNACIO:** Puntahan natin ang mga nakalap na balita ng ating mga kasama sa ilang lalawigan sa bansa, ihahatid iyan ni Ria Arevalo ng PBS–Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT BY LESLIE GEMINO/RP TAYUG]

[NEWS REPORT BY GEMMA NARIT/RP LEYTE]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat, Ria Arevalo ng PBS Radyo Pilipinas.

**BENDIJO:** Makibalita tayo diyan sa Davao City kasama si Regine Lanuza. Regine, maayong udto.

[NEWS REPORT BY REGINE LANUZA/PTV DAVAO]

**BENDIJO:** Maraming salamat Regine Lanuza ng PTV Davao.

Samantala, sa pinakahuling tala ng Department of Health, umakyat na sa 418,723 ang kabuuang bilang ng mga gumaling mula sa COVID-19 sa bansa matapos maitala ang dagdag na 41 recoveries kahapon. 24 naman ang nadagdag na nasawi na sa kabuuan ay nasa 8,757 na.

Nasa 1,339 ang bilang ng mga bagong nahawaan ng COVID-19 na sa kabuuan ay umabot na sa 450,733 cases. Kahapon, umangat naman ang reported cases na pumalo na sa 1,339. More than 250 cases ang lamang nito sa sinundan nitong araw na pumalo lamang sa 1,085.

Quezon City pa rin nagmula ang pinakamataas na bilang ng new cases na 147; ang Lungsod ng Davao ay nasa ikalawang puwesto with 124 cases; sumunod ang Probinsiya ng Rizal at ng Laguna; nasa ikalimang puwesto ang Lungsod ng Maynila.

Mula sa 4.9% ay umangat sa 5.2% ang total cases ng mga aktibong kaso, labas na po diyan sa bilang na 23,253 ang mga gumaling at nasawi dahil pa rin sa virus.

**USEC. IGNACIO:** Ang mild cases pa rin ang pinakamarami na nasa 85.1% ng active cases; sumunod naman ang mga nasa critical na kondisyon, mga asymptomatic at may severe na kalagayan na 0.32% naman ang moderate cases.

Muli po naming paalala ngayong Christmas season ipagpaliban muna ang pagsasagawa ng Christmas party o reunion. Iwasan din po ang pagtitipon ng may maraming tao ganoon din po ang mga kumpulan ay mahigit sa 15 minutes na gathering. Lumayo sa mga lugar na hindi tiyak ang maayos na daloy ng hangin. Hangga’t maaari ay iwasan din muna ang mga kuwentuhan at tawanan para maiwasan ang pagkalat ng virus.

Para po sa inyong mga katanungan at concerns tungkol sa COVID-19, maaari ninyo pong i-dial ang 02-894-COVID o kaya ay 02-894-26843. Para naman sa mga PLDT, Smart, Sun at TNT subscribers, i-dial ang 1555.

Patuloy rin kayong makibalita sa mga pinagkakatiwalaang sources ng impormasyon tungkol sa COVID-19, maaari ninyong bisitahin ang covid19.gov.ph.

Marami sa Quezon City, Aljo, katulad ng sinasabi mo.

**BENDIJO:** Sumunod ang Davao, kaya ingat po tayo ha. Huwag po tayong magpakakampante at bigyan natin ng diin at sundin natin ang pakiusap ng pamahalaan dito po sa pagsusuot ng face mask. Nandiyan pa rin tayo, paulit-ulit na lang.

**USEC. IGNACIO:** Paghuhugas ng kamay napakahalaga.

**BENDIJO:** Paghuhugas ng kamay

**USEC. IGNACIO:** At kung wala kang dalang alcohol, at least kung pupunta ka naman sa grocery may mga comfort room naman doon, may restroom na puwede kang maghugas ng kamay.

Isa sa mga pinakaimportante na ginagawa natin para malabanan ang COVID iyong sinasabing paghuhugas ng kamay at pag-iwas sa maraming tao, iyong kumpulan.

Kasi kapag ikaw kapag nakakakita ka ng maraming tao medyo kinakabahan ka na rin at lumalayu-layo ka na rin eh. At make sure na suot mo ang iyong face mask at face shield.

**BENDIJO:** Wala pang gamot huh. Baka sabihin nila eh may gamot na. Wala pang gamot at wala pa ring bakuna. So, sabi nga ng iba, kaunting tiis at papunta na rin po tayo diyan. So, iyon lang, seryosohin lang natin itong COVID-19.

Kasi akala nila, ‘hindi naman totoo iyong COVID-19,’ mayroon kang mababasa eh sa mga… may mga magpu-post, comment sa ating mga programa. Seryosohin lang po natin itong sakit na ito, delikado talaga itong sakit na ito.

**USEC. IGNACIO:** Oo nga at saka siyempre hindi ba parang ngayong magpapasko limited na nga iyong paglabas natin dahil sabi nga ni Pangulong Rodrigo Duterte, magtiis muna tayo ngayong taon, bawi tayo next year, hindi ba?

So, ngayon puwedeng nandoon ka lang sa bahay mo, so mag-virtual na lang kayo ng mga kamag-anak mo para naman maiwasan—siguraduhing walang masama na susunod sa mga guidelines na ipinatutupad ng pamahalaan dahil iyan po ay para sa ating lahat.

At siyempre nais ko hong batiin si Tita Ching Suva na nanunood sa atin.

**BENDIJO:** Hello, ma'am. So, direct family members lang ngayong Christmas, ngayong pagsalubong ng Bagong Taon. Wala muna ang immediate family members kasi taga-labas ngayon nagpupunta sa bahay. Tayu-tayo lang muna sa bahay para maiwasan natin ang pagkalat pa ng sakit.

**USEC. IGNACIO:** Babawi tayo next year sabi nga ni Pangulong Duterte, hindi ba. Doon tayo mag-enjoy.

**BENDIJO:** So, iyong gusto nating humataw sana ng My Way sa ating…

**USEC. IGNACIO:** Videoke.

**BENDIJO:** Videoke ngayon, huwag muna. Gawin natin iyan next year na.

**USEC. IGNACIO:** Oo, tama iyon. Yung iyong My Way.

**BENDIJO:** Maraming nadisgrasya diyan sa kantang iyan.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa ating mga partner agency para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas, salamat din po sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19, mabuhay po kayo.

At dito po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito, ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio ng PCOO.

**BENDIJO:** Maraming salamat, Usec; ako naman po si Aljo Bendijo. Sampung araw na lang po, Pasko na.

**USEC. IGNACIO:** Hanggang bukas pong muli dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)